

**Special
Olympics**
British Columbia



Maging tagahanga ng malawak na pang-unawa, ng pagbigay-kakayahan sa iba, at ng dignidad. **Maging tagahanga ng Espesyal na Olimpiko.**

Ang Espesyal na Olimpiko BC (SOBC) ay isang rehistradong organisasyong pangkawanggawa, at simula pa noong 1980, ito ay patuloy na sa pagbibigay ng mga de-kalibreng programa sa palakasan at kumpetisyon upang matugunan ang mga pangangailangan at kagustuhan ng mga taong may intelektwal na kapansanan, at upang matulungan silang mapagbuti ang kanilang buhay at magkaroon ng pagkakataong makapagdiwang ng personal na tagumpay sa pamamagitan ng positibong karanasan sa palakasan. Ang mga programa ng SOBC ay nagbibigay sa mga atleta ng pagkakataon na makabuo ng mga kasanayan - sa palakasan at sa buhay - at mapabuti ang kanilang kalusugan habang tinatangkilik ang pagsasanay na maaaring magdala sa kanila sa mga kumpetisyong lokal, rehiyonal, pambansa at internasyonal. Ngunit ang mga benepisyo ay higit pa sa mga pangunahing kaalaman. Sa pamamagitan ng mga Espesyal na Olimpiko, ang mga atleta ay makakaranas ng kagalakan at pagtanggap, magkakaroon ng mga kaibigan, makakabuo ng tiwala sa sarili, at magkakaroon ng lakas ng loob upang mapagtagumpayan ang mga hadlang at makamit ang kanilang mga layunin.

“Nang marinig namin ang tungkol sa Espesyal na Olimpiko, binago nito ang buong buhay ko. Nagkaroon ako ng mga bagong kaibigan, mga bagong tagapagsanay, at napamahal na rin sa akin ang lahat ng sports ... Maraming salamat at mayroong isang organisasyon na tulad nito para sa mga taong katulad ko.” - Espesyal na Olimpiko BC - Campbell River atleta

Mabilis na Kaalaman:

- Mahigit sa 4,600 na mga atleta ang lumalahok sa mga programa tuwing tag-init at taglamig sa 55 komunidad sa buong probinsiya.
- Samantalang mahigit sa 3,900 boluntaryo naman ang patuloy na tumutulong na maisakatuparan ang mga programa.
- Mga laro sa SOBC sa taglamig: alpine skiing, cross country skiing, curling, figure skating, floor hockey, snowshoeing, at speed skating.
- Mga laro sa SOBC sa tag-init: 5-pin bowling, 10-pin bowling, athletics, basketball, bocce, golf, powerlifting, rhythmic gymnastics, soccer, softball, at swimming.
- Ang SOBC ay nag-aalok din ng mga programa para sa malilit na bata at kabataang may intelektwal na kapansanan mula sa edad na dalawang taong gulang hanggang 18. Ito’y dinisenyo upang matulungan silang bumuo at mapaghusay ang kanilang mga pangunahing kasanayan sa pagkilos at paglaro sa pamamagitan ng masaya at positibong karanasan sa paggalaw.

Malugod naming inaanyayahan ang lahat ng mga manlalaro at mga taong ibig tumulong o magboluntaryo!

Maraming papel ang maaaring gampanan ng mga boluntaryo – lalo na sa mga taong may malawak na karanasan bilang tagapagsanay sa mga laro o bilang tagapagsagawa ng mga gawain sa likod ng mga laro’t iba pang kaganapan. Mangyaring makipag-ugnayan lamang po sa amin para sa iba pang kaalaman tungkol sa mga oportunidad na makakapagbago ng buhay.

www.specialolympics.bc.ca Toll-free 1.888.854.2276 Email info@specialolympics.bc.ca

Facebook & Instagram [specialolympicsbc](https://www.facebook.com/specialolympicsbc) Twitter [@sobcsociety](https://twitter.com/sobcsociety)



Mga Katanungang Madalas Naitatanong

Kelan nagaganap ang Espesyal na Olimpiko?

Ang mga pagsasanay sa mga laro at kumpetisyon sa Espesyal na Olimpiko BC ay iniaalok buong taon sa 55 na komunidad sa buong B.C. Ang mga palaro sa Espesyal na Olimpiko ay nagaganap sa loob ng apat na taong paulit ulit para sa tag-init at taglamig na mga laro.

Mga palaro sa taglamig

- 2017- 18 Regional Qualifiers
- 2019 Espesyal na Olimpiko BC Taglamig na mga laro
- 2020 Espesyal na Olimpiko Canada Taglamig na mga laro (Thunder Bay, Ont.)
- 2021 Espesyal na Olimpiko Pangbuong Mundong Palaro Taglamig na mga laro

Mga palaro sa tag-init

- 2016 Regional Qualifiers
- 2017 Espesyal na Olimpiko BC Tag-init na mga laro (Kamloops B.C.)
- Palaro (Antigonish, Nova Scotia) & 2018 SOC Bowling Championships (PEI)
- 2019 Espesyal na Olimpiko Pangbuong Mundong Palaro Tag-init na mga laro (Abu Dhabi)

Ang espesyal na laro ng olympics ba ay para sa mga indibidwal na may mga kapansanang pisikal?

Ang Espesyal na Olimpiko ay para sa mga taong may intelektwal na kapansanan, ngunit ang ilan sa mga ito ay maaaring mayroon ding pisikal na kapansanan. Ang Paralympics ay isang palaro para sa mga atletang may pisikal na kapansanan. (May mga atleta ng Espesyal na Olimpiko na maaaring makilahok sa Paralympics, ngunit ang Paralympics at Espesyal na Olimpiko ay magkaiba.)

Sino ang karapat-dapat na lumahok sa mga espesyal na laro ng olympics?

Upang maging karapat-dapat na lumahok sa mga kompetisyon ng Espesyal na Olimpiko, ang mga atleta ay dapat na nasa edad na hindi bababa sa 8 taong gulang at kinilala na mayroong intelektwal na kapansanan. Ang mga atleta ay dapat na nasa edad na hindi bababa sa 12 taong gulang upang makilahok sa Palarong Panlalawigan, at hindi bababa sa 14 taong gulang upang makilahok mga Palarong Pambansa.

Gaano kalaganap ang mga may intelektwal na kapansanan?

Walang pinipiling tao ang kapansanang ito, maging lahi, etniko, antas ng edukasyon, lipunan, o kakayahan sa buhay. Ito'y maaaring mangyari sa alin mang tao o pamilya. Ayon sa World Health Organization, humigit-kumulang sa 170 milyong katao (o 3 porsyento ng populasyon sa buong mundo) ang may intelektwal na kapansanan - ang pinakamalaking populasyon ng may kapansanan sa mundo.

Ang Espesyal na Olimpiko ba ay para lang sa mga kabataan?

Ang Espesyal na Olimpiko ay nag-aanyaya sa lahat ng mga ibig lumahok, kabilang ang mga maliliit na bata, kabataan, at matatanda. Maraming mga atleta ang naging bahagi na ng iba't ibang programa ng Espesyal na Olimpiko sa buong buhay nila.

Ano ang angkop na pangalang gagamitin kapag tumutukoy sa mga atleta na kasangkot sa SOBC?

Binibigyang halaga ang tao, hindi ang kanilang kondisyon.

Ang tamang pagtawag sa kanila ay ang mga sumusunod:

Jane Public, isang taong may intelektwal na kapansanan / Jane Public, may intelektwal na kapansanan / John Public, atleta ng Espesyal na Olimpiko